# Libreng ligal na payo sa iba't ibang wika

Sa Tokyo Metropolitan Foundation "TSUNAGARI," nagsasagawa kami ng libreng konsultasyon ng mga abogado para sa mga foreign resident ng Tokyo. Isasagawa ang konsultasyon sa pamamagitan ng pagbisita sa aming opisina o gamit ang Zoom. Kailangang magpa-schedule ng appointment. Walang bayad ang konsultasyon at ang interpretasyon para dito. Huwag mag-atubiling kumonsulta sa amin para sa mga bagay tulad ng pampamilya, tungkol sa pera, o tungkol sa visa,.

## Tara na at kumonsulta kung may mga tanong tulad ng sumusunod.

Hindi makapagpasya kung kailangan mo ba o hindi ang ligal na payo

Nais ng ligal na payo ngunit nais din ng suporta sa interpretasyon

## Paraan upang kumonsulta

**1** Mangyaring tumawag para magpa-schedule ng araw ng appointment at paraan ng konsultasyon.

* Sa pagkuha ng appointment, hihingiin namin ang mga kinakailangang personal na impormasyon at ang wika na nais ninyong gamitin sa interpretasyon.

**2** Sa araw ng inyong appointment, isasagawa ang konsultasyon sa pinili ninyong paraan.

* Kung sakaling may kopya ng mga dokumento para sa konsultasyon, mangyaring ihanda ang mga ito.

# 03-6258-1227

**Oras ng serbisyo** Bukas araw-araw mula 10:00 AM hanggang 4:00 PM
(Maliban sa Sabado, Linggo, at mga holiday na pampubliko at sa new year)

**Sino ang maaaring kumonsulta**
1 Ang hindi pa nakakagamit ng serbisyong ito para sa ligal na payo
2 Rehistradong residente ng Tokyo

* May panahon na posibleng hindi matugunan ang inyong hiling para sa ligal na payo depende sa nilalaman ng nais ikonsulta.
* Mangyaring unawain na maaaring gamitin ang serbisyo ng konsultasyon at ng interpretasyon sa kabuuang 1 oras lamang.
* Sa nais kumonsulta sa pamamagitan ng Zoom, paki-download ang Zoom application.